# ANG EID UL-ADHA MULA A TO Z (2 BAHAGI NG 3)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang mga Muslim ay nagdiriwang ng dalawang kapistahan: Eid ul-Fitr at Eid ul-Adha. Ang mga araling ito ay sumasaklaw sa lahat ng bagay na kailangan mong malaman tungkol sa Eid ul-Adha upang gawin itong isang bahagi ng iyong buhay at mabigyang lugod si Allah.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Mga Pagdiriwang

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2013 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 13 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin:

·Upang matutunan ang karunungan sa likod ng pagsasakripisyo ng hayop.

·Upang matutunan ang pangunahing mga patakaran ng *udhiyyah.*

·Upang matutunan ang 5 *Sunnahs* (iminumungkahing mga gawa) ni Propeta Muhammad na may kaugnayan sa *Eid ul-Adha*.

Mga Terminolohiyang Arabik:

·*Adhan -* isang Islamikong paraan ng pagtawag sa mga Muslim sa limang obligadong mga Pagdarasal.

·*Eid* - kapistahan o pagdiriwang. Ang mga Muslim ay nagdiriwang ng dalawang relihiyosong mga pagdiriwang, na kilala bilang *Eid-ul-Fitr* (na nagaganap pagkatapos ng *Ramadan*) at *Eid-ul-Adha* (na nagaganap sa panahon ng *Hajj*).

·*Eid ul-Adha* – “Pista ng Sakripisyo”.

·*Ghusl* – ritwal na pagligo.

·*Iqamah* – Ang salitang ito ay tumutukoy sa pangalawang panawagan sa pagdarasal na ibinibigay kaagad bago ang pagdarasal ay magsimula.

·*Khutbah* – sermon.

·*Rakah* - yunit ng pagdarasal.

·*Sunnah* – Ang salitang *Sunnah* ay may maraming mga kahulugan sang-ayon sa larangan ng pag-aaral gayunpaman ang kahulugan ay pangkalahatang tinatanggap na, anumang iniulat na sinabi, ginawa, o pinayagan ng Propeta.

·*Udhiyyah* – ang pangsakripisyong hayop.

# Pag-unawa sa Pag-aalay ng Hayop sa *Eid ul-Adha*



Ang pagsasakripisyo sa anak ay naging isang pagsubok sa pananampalataya ni Abraham. Upang gunitain at matandaan ang mga pagsubok ni Abraham, ang mga Muslim ay nagkakatay ng isang hayop tulad ng tupa, kamelyo, o kambing. Ang kasanayan ay madalas na maling nauunawaan ng mga nasa labas ng pananampalataya. Samakatuwid, ilang mga punto ang dapat na maunawaan dito:

Una, walang natatanging mga ritwal na kaugnay, malibang ang hayop na nakatutugon sa ilang mga kinakailangan. Ang hayop ay kinakatay sa parehong paraang ito ay kinakatay sa anumang oras sa taon. Ang pagkakaiba lamang ay nasa layunin. Para sa pangkaraniwang pagkatay, ang layunin ay ang karne, subalit para sa *Eid ul-Adha*, ito ay upang sambahin si Allah sa pamamagitan ng paggunita sa pagsubok ni Abraham.

Ikalawa, ang Pangalan ng Diyos ay sinasambit dahil si Allah ang nagbigay sa atin ng kapangyarihang higit sa mga hayop at pinahintulutan tayong kainin ang kanilang karne, subalit sa Kanyang Pangalan lamang. Sa pagsambit ng Pangalan ni Allah sa sandali ng pagkatay, ipinaaalala natin sa ating mga sariling kahit ang buhay ng isang hayop ay sagrado at maaari lamang nating kitilin ang buhay nito sa Pangalan ng Siyang nagbigay nito sa simula pa lamang.

Ikatlo, ang mabuting mga gawa ay nagtutubos para sa ating mga kasalanan. Ang pag-aalay ng *udhiyyah* ay isang gawang pagsamba na walang pagtatangi. Si Propeta Muhammad ay nagsabi na ang pinakamamahal na gawa sa *Eid ul-Adha* ay ang pag-aalay ng *udhiyyah* at ito ay darating sa Araw ng Pagkabuhay Muli na may mga sungay, baak na mga kuko, at balahibo. Ang dugo nito ay tinanggap na ni Allah bago pa ito umabot sa lupa. "Kaya magalak ang iyong puso dito." (Tirmidhi, Ibn Majah)

# Mga Batas ng *Udhiyyah* para sa *Eid ul-Adha*

## a) Uri ng Hayop

Ang isang **tupa** ay maaaring ialay bilang sakripisyo para sa isang tao o isang pamilya. "Sa panahon ng Sugo ni Allah, ang isang tao ay nagsasakripisyo ng isang tupa para sa kanyang sarili at sa mga miyembro ng kanyang sambahayan, at sila ay kakain mula dito at ipamimigay ang ilan sa iba."[1]

*Ang isang kamelyo o baka ay sapat para sa pitong katao, dahil sa ulat na **"Ang baka ay maisasakripisyo para sa pitong katao at ipinapamahagi namin ito."[2]***

## b) Gulang ng Hayop

Ang hayop ay dapat maging nasa natatanging gulang upang maging angkop para sa *udhiyyah*. Ang pinakamababang mga gulang ay:

a)6 na buwan para sa isang kordero o tupa.

b)1 taon para sa isang kambing.

c)2 taon para sa isang baka.

d)5 taon para sa isang kamelyo.

## c) Mga Katangian ng Hayop

Ito ay kailangan maging malaya sa anumang mga kapansanan, sapagkat ang Propeta ay nagsabi,

***"Mayroong apat na hindi karapat-dapat para sa sakripisyo:***

**a) ang iisang-matang hayop na ang depekto nito ay halata,**

**b)ang isang may sakit na hayop na ang sakit nito ay halata,**

**c)ang isang pilay na hayop na ang pagkapilay nito ay halata at**

**d)ang isang payat na hayop na walang bulalo sa kanyang mga buto."[3]**

May mga bahagyang depektong hindi magtatanggi sa isang hayop, subalit hindi kanais-nais isakripisyo ang ganitong mga hayop tulad ng isang hayop na may sungay o taingang kakulangan, o may pingas sa tainga nito, atbp. Kung ang hayop ay kapon, ito ay hindi itinuturing na isang kapansanan.

## d) Oras ng Sakripisyo

Dapat itong isakripisyo sa tukoy na panahon, na kung saan ang pagdarasal at *khutbah* ng *Eid ul-Adha* ay nagtapos na hanggang sa bago lumubog ang araw ng ika-13 araw ng *Dhul-Hijjah*. Ang Propeta ay nagsabi:

***"Ang sinumang nagsakripisyo bago ang pagdarasal ay hayaan siyang ulitin ito."[4]***

Ang karne mula sa sakripisyo ng *Eid ul-Adha* ay kinakain ng pamilya at mga kamag-anak, ipinamimigay sa mga kaibigan, at ipinagkakaloob sa mga mahihirap. Kinikilala nating ang lahat ng mga pagpapala ay nagmumula kay Allah, at dapat nating buksan ang ating mga puso at ibahagi sa iba.

# Kalendaryo ng *Eid ul-Adha* mula 2013-2015 CE

Ang tiyak na petsa ng *Eid ul-Adha* ay matutukoy batay sa pagkakita sa buwan, subalit ang pansamantalang mga petsa ay ang mga sumusunod:

Martes Oktubre 15 2013

Linggo Oktubre 5 2014

Huwebes Setyembre 24 2015

## *Sunnahs* (Iminumungkahing mga gawa) sa *Eid al-Adha*

Ang mga sumusunod ay ang iminumungkahing mga gawain na nagdadala ng karagdagang gantimpala sa *Eid ul-Adha*. Hindi na dapat mag-alala kung nakalimutan mo ang ilan, subalit subukang gawin ng higit na marami hangga't maaari upang malubos ang iyong gantimpala.

1. Ang Propeta ay nagsasagawa ng isang kumpletong ritwal na pagligo (*ghusl*) sa araw ng *Eid*.

2. Ang Propeta ay nagsusuot ng kanyang pinakamainam na mga damit upang dumalo sa pagdarasal ng *Eid*. Kapwa mga kalalakihan at mga kababaihan ay dapat sundin ang tama, wastong Islamikong pananamit kapag lumabas sila para sa pagdarasal ng *Eid*.

3. Ang Propeta ay kinukuha ang iba't ibang ruta para sa pagpunta at pagbalik mula sa pagdarasal ng *Eid*.

4. Ang isa pang *sunnah* (iminumungkahing gawain) ay ang sambitin ang kadakilaan ni Allah sa mga salitang ito:

   ***Allahu akbar, Allahu akbar, la ilaha il-lal-lah, wa-Allahu akbar, Allahu akbar, wa lil-la hil-hamd***

   ***"Si Allah ay dakila, si Allah ay dakila, walang diyos maliban kay Allah, si Allah ay dakila, si Allah ay dakila, at ang lahat ng papuri ay kay Allah."***

   Ang mga ito ay sasambitin kapag lumalabas sa kanyang bahay patungo sa lugar ng pagdarasalan at hanggang sa dumating ang imam upang isagawa ang pagdarasal.

5. Sa *Eid ul-Adha* iminumungkahing huwag kumain ng kahit ano hanggang sa makabalik mula sa pagdarasal, kaya dapat siyang kumain mula sa *udhiyyah* kung nag-alay siya ng sakripisyo. Kung hindi siya nag-alay ng sakripisyo ay walang mali sa pagkain bago ang pagdarasal.

## Pangunahing Kaayusan ng Pagdarasal ng *Eid*

Ang Propeta ay hindi nagsagawa ng anumang pagdarasal kaagad bago o pagkatapos ng pagdarasal ng *Eid*. Kung ang pagdarasal lamang ng *Eid* ay nasa isang moske, ikaw ay magdarasal ng dalawang *rakah* bago umupo.

Walang *adhan* o *iqamah* para sa pagdarasal ng *Eid*. Ang Propeta ay isasagawa ang pagdarasal muna na susundan ng sermon (*khutbah*).

---

Mga Talababa:

[1] *Ibn Majah, Tirmidhi*

[2] *Saheeh Muslim*

[3] *Sahih al-Jami*

[4] *Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/208/ang-eid-ul-adha-mula-to-z-2-bahagi-ng-3

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.